Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Bulong at Awiting-bayan sa mga Akdang Pampanitikan ng Kabisayaan

**I. Panuto:** Tukuyin ang iba't ibang uri ng awiting-bayan na lumaganap sa Pilipinas. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat ang salita sa patlang bago ang bilang.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Kundiman | Dalit | Diyona | Oyayi O Hele | Kumintang | Balitaw |
| . Dung-aw | Kutang-Kutang | Soliranin | Maluway | Pangangaluwa | Talindaw |

______________1. Ito ay isa pang uri ng awit sa pamamangka.

______________2. Ito ay awit sa araw ng mga patay ng mga Tagalog.

______________3. Ito ay awit ng pakikidigma o pakikipaglaban.

______________4. Ito ay awit panrelihiyon o himno ng pagdakila sa Panginoon.

______________5. Ito ay awitin sa panahon ng pamamanhikan o kasal.

______________6. Ito ay awit sa patay ng mga Ilokano.

______________7. Ito ay mga awiting karaniwang inaawit sa lansangan.

______________8.Ito ay awit sa sama-samang paggawa.

______________9. Ito ay awiting pampatulog ng mga bata.

______________10. Ito ay mga awit ng pag-ibig na ginagamit sa panghaharana ng mga Bisaya.

**II. Panuto:** Basahin o kantahin ang awiting bahay-kubo. Pagkatapos sagutan ang mga sumusnod na tanong. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

Bahay-kubo, kahit munti
ang halaman doon, ay sarisari
singkamas at talong, sigarilyas at mani sitaw, bataw, patani.
Kundol, patola, upo't kalabasa,
at saka meron pa, labanos, mustasa, sibuyas, kamatis, bawang at luya,
sa paligid-ligid ay puno ng linga.

1. Ano ang nararamdaman mo habang inaawit ang "Bahay-kubo"? Ipaliwanag.

_____________________________________________________________________

2. Batay sa nilalaman ng awitin, sa anong panahon kaya ito inaawit? Ipaliwanag.

_____________________________________________________________________

3. Sino kaya ang karaniwang umaawit nito? Bakit?

_____________________________________________________________________

4. Ano ang paksa ng awiting-bayan? Patunayan.

_____________________________________________________________________

5. Sa iyong palagay, bakit mahalagang hindi makalimutan at patuloy na awitin ang mga awiting-bayan ng bansa katulad ng "Bahay-kubo"?

_____________________________________________________________________